Maligayang Pagdating sa Chuo Ward, Kobe City !

Dito sa Chuo Ward ay, nagtataguyod ng mga plano upang maayos na maka-pamuhay ang lahat maging ang mga nanggaling sa ibang bansa.

Upang maging malapit sa mga taong naninirahan sa paligid

Dito sa Japan ay may mga alituntunin upang maging maayos ang pakikitungo sa mga taong nakatira sa paligid.

★Check point

●Magbigay-bati sa mga tao sa rehiyon（kapit-bahay, nakatira malapit sa bahay）

●Huwag gumawa ng malakas na ingay mula sa bahay（Lalo na sa madaling araw at sa gabi）

●Sundin ang mga **Alintunin sa pagtatapon ng basura**

Makipag-tulungan sa mga nakatira sa paligid sa pagsasaayos ng lugar ng tapunan ng basura（Clean Station）. Kapag hindi sinunod ang mga alituntunin sa pagtatapon ng basura ay, maaring hindi ito kuhanin ng kumukulekta ng basura, at magiging problema ito ng lahat.

●Sundin ang mga alituntunin sa **parking ng bisikleta** at **sasakyan**

Ipinagbabawal ang pagpa-park ng bisikleta o sasakyan sa lugar na hindi paradahan.

Didikitan ng babala kung ito ay bisikleta at, kapag pinabayaan ng mahabang panahon ay maaari itong damputin.

（Ilalagay ito sa storage at hindi mababawi kung hindi magbabayad ng storage fee.）

Maaaring may mga alituntunin na iba kaysa sa inyong bansa, subali't kailangang pagbutihang sanayin ang sarili!

Tungkol sa mga aktibidad ng Grupo ng Komunidad （tulad ng Residents' Association）

May mga grupo ng komunidad sa bawa't rehiyon（tulad ng「Residents' Association」、「Management Association」）.Sila ang namamahala sa paglilinis ng mga daanan, playground, pagtatapon ng basura (Clean Station), at mga aktibidad na para sa mga naninirahan sa rehiyon tulad ng Disaster Drill at Summer Festival. Maaaring lumahok ang mga banyagang naninirahan dito.